Mensahe Siyam

## Ang Organikong Pagtatayo ng Ekklesia bilang Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng Proseso ng Espiritwal na Metabolismo ayon sa Panloob na Karanasan ng mga Mananampalataya sa Nananahanang Kristo

Babasahin sa Kasulatan: 2 Sam. 7:12-14a; Efe. 3:16-21

**I. Ang 2 Samuel 7:12-14a ay ang paglalahad ng isang propesiya sa pamamagitan ng tipolohiya na nagpapakita sa atin na kailangan nating itayo ng Diyos si Kristo tungo sa ating intrinsikong pagkakabuo nang sa gayon ang ating buong katauhan ay mabuuang muli ni Kristo—Mat. 16:18:**

A. Ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ayon sa naisin ng Kanyang puso ay ang itayo ang Kanyang sarili tungo sa tao at itayo ang tao tungo sa Kanya (Efe. 3:16-17a); itong pananahanan sa isa't isa ay ang realidad ng Katawan ni Kristo na napasusukdol sa Bagong Herusalem (Juan 15:4-5a; 1 Juan 2:27-28; 3:24; 4:13, 15-16; Apoc. 21:3, 22).

B. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang itayo ang Kanyang sarili kay Kristo tungo sa ating katauhan—2 Sam. 7:12-14a; Efe. 3:17a; Juan 14:20; Gal. 4:19:

1. Ang Diyos ay nagnanais na isagawa ang Kanyang sarili kay Kristo tungo sa atin; ang lahat ng kung ano si Kristo at ang lahat ng isinakatuparan ni Kristo ay para sa isang bagay na ito—Fil. 2:13; Efe. 3:17a; Col. 3:10-11.
2. Kailangan nating itayo ng Diyos ang Kanyang sarili kay Kristo tungo sa ating pagkatao, isinasagawa ang Kanyang sarili kay Kristo tungo sa atin bilang ating buhay, ating kalikasan, at ating persona—Efe. 3:17a.

**II. Inihahayag sa Efeso 3:16-21 na ang Tres-unong Diyos ay pumasok tungo sa atin upang gumawa ng isang pagtatayong gawain kalakip ang Kanyang sarili bilang elemento at kalakip din ang isang bagay mula sa atin bilang materyales; ito ay inilarawan ng talinghaga ng manghahasik sa Mateo 13:**

A. Inihahasik ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang binhi ng buhay tungo sa mga puso ng mga tao, ang lupa, nang sa gayon ay lumago at mabuhay Siya sa loob nila at maihayag mula sa loob nila—b. 3.

B. Ang binhi ay inihasik sa lupa upang lumago kalakip ang mga sustansya ng lupa; bilang resulta, ang bunga ay isang pagkakabuo ng mga elemento kapwa mula sa binhi at sa lupa—b. 23.

C. Sa loob natin ay may mga tiyak na sustansya na nilikha ng Diyos bilang isang paghahanda para sa Kanyang pagpasok tungo sa atin upang lumago sa atin; nilikha ng Diyos ang pantaong espiritu kalakip ang mga pantaong sustansya kasama ang pantaong puso bilang lupa para sa paglago ng dibinong binhi sa loob natin—1 Juan 3:9; 1 Ped. 1:23; Col. 2:19:

1. Ang bilis ng ating paglago sa buhay ay nakasalalay hindi sa dibinong binhi kundi sa kung gaano karaming sustansya ang mailalaan natin sa binhing ito; mas maraming sustansya ang ating itinutustos, mas mabilis na lalago ang binhi at mas yayabong ito—Awit 78:8; Mat. 5:3, 8:
   a. Kung mananatili tayo sa ating kaluluwa, sa ating natural na tao, walang magiging anumang sustansya para sa paglago ng dibinong binhi; subalit kung mapapalakas tayo tungo sa ating panloob na tao at kung magbibigay-pansin

tayo sa ating espiritu at eensayuhin ang ating espiritu, ang mga sustansya ay maitutustos at makagagawa si Kristo ng Kanyang tahanan sa ating puso—Efe. 3:16-17; Roma 8:6; 1 Tim. 4:7.

b. Kung tataglayin natin ang Panginoon bilang binhi ng buhay na lumago sa loob natin upang maging ating lubos na pagtatamasa, kailangan nating ganap na magbukas sa Panginoon at makipagtulungan sa Kanya upang tuusin nang lubusan ang ating puso—Mat. 13:3-9, 19-23.

2. Sa isang panig, pinalalakas tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang sarili bilang elemento, at sa kabilang panig, naglalaan tayo ng mga sustansya; sa pamamagitan ng dalawang ito ay isinasagawa ng Diyos kay Kristo ang Kanyang intrinsikong pagtatayo—ang pagtatayo ng Kanyang tahanan—sa ating buong katauhan.

D. Ayon sa Biblia, ang paglago ay katumbas ng pagtatayo; nagdeklara ang Panginoong Hesus, "Itatayo Ko ang Aking ekklesia" (Mat. 16:18); ang pagtatayong ito ay nagaganap sa pamamagitan ng paglago ng dibinong binhi sa loob natin (1 Juan 3:9; Efe. 4:15-16; Col. 2:19; Efe. 2:21-22; 1 Cor. 3:1, 6-9, 12; 16:13).

E. Ang ekonomiya ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin nang sa gayon ay maranasan natin ang isang metabolikong proseso ng espiritwal na pagtunaw at pag-asimila na nagbubunga ng transpormasyon bilang isang unti-unti at intrinsikong metabolikong pagbabago sa ating natural na buhay; ito ay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang mapasukdol ang Bagong Herusalem—2 Cor. 3:18:

1. Upang maganap ang pagtatayo ng Diyos, kailangan nating tanggapin, tunawin, at asimilahin ang organiko, malahanging Kristo, na siyang ang Espiritung nagbibigay-buhay, bilang ating espiritwal na pagkain, inumin, at hininga—Juan 6:51, 57; 7:37-39; 20:22.

2. Kapag tinatamasa natin si Kristo sa pamamagitan ng pagkain, pag-inom, at paghinga sa Kanya, isang metabolikong proseso, isang espiritwal na pagtunaw at metabolismo ang nagaganap sa loob natin, at si Kristo ay naibubuo tungo sa ating katauhan; ang panloob na metabolismong ito ay transpormasyon, at ang transpormasyon ay ang pagtatayo—Roma 12:2; Fil. 1:20-21; cf. Apoc. 21:18; 4:3.

F. Ang organikong pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng proseso ng espiritwal na metabolismo sa katunayan ay ang ipinropesiya ni Jehovah kay David sa paraan ng tipolohiya sa 2 Samuel 7:12-14a.

**III. Sa Efeso 3:16-21, nanalangin si Pablo hinggil sa panloob na karanasan ng mga mananampalataya sa nananahanang Kristo para sa organikong pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo—4:12, 16; 2:21-22:**

A. Nanalangin si Pablo sa Ama upang mapalakas tayo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa ating panloob na tao na may resultang si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa ating puso at sa gayon ay maokupahan, maangkin, mababaran, at matigmakan ang ating panloob na katauhan ng Kanyang sarili—3:16-17a.

B. Ang Tres-unong Diyos ay maihahalintulad sa isang malaking makina, kung saan si Pablo ang tagapagpatakbo; dapat nating matutuhan ang isang leksiyon, yaon ay, na may isang mataas na prinsipyo sa buong sansinukob; ang prinsipyong ito ay yaong ninanais ng Diyos na gumawa ng isang bagay, subalit Siya ay magiging "makina" lamang, at kailangan Niya ng isa na maging tagapagpatakbo:

1. Nang nanalangin si Pablo ng panalangin sa Efeso 3:16-21, siya ay isang kinatawan ng buong Katawan ni Kristo.
2. Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu ay ang tatlong "bahagi" ng pansinukob na "makina" na ito, at ang Katawan ay ang tagapagpatakbo; kung ipapanalangin natin ang panalanging ito bilang tagapagpatakbo, gumagawa ang Ama sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu bilang isang daluyan upang palakasin ang bawat bahagi ng ating panloob na katauhan tungo sa ating panloob na tao nang sa gayon ang gol, ang layon, ang Anak, ay makagawa ng Kanyang tahanan sa lahat ng bahagi ng ating puso.

C. Ang sabihing kailangan nating mapalakas ng kapangyarihan tungo sa panloob na tao ay nagpapahiwatig na wala tayo sa panloob na tao, na tayo ay madalas na nabubuhay sa ating panlabas na tao—b. 16; 1:19-22; 3:20.

D. Si Kristo ay mayroong naisin na okupahan ang bawat silid ng ating puso:
1. Ang pariralang *gumawa ng Kanyang tahanan* ay isang salita lamang sa Griyego, *katoikeo,* na pangunahing nangangahulugang mamirmihan sa isang pananahanan, upang gumawa ng isang pinananahanang lugar, at ang unlapi ng salitang ito, *kata,* ay nangangahulugang "pababa"—b. 17a.
2. Habang gumagawa si Kristo ng Kanyang tahanan sa kailaliman ng ating mga puso, tayo ay nauugatan sa pag-ibig para sa bukid ng Diyos at napagtitibay sa pag-ibig para sa pagtatayo ng Diyos—b. 17.
3. Habang gumagawa Siya ng Kanyang tahanan sa ating mga puso, tayo ay lubusang mapalalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal ang di-masukat na Kristo, na ang mga sukat ay mga sukat ng sansinukob—b. 18:
   a. Ang ating karanasan kay Kristo sa ekklesia ay dapat na may tatlong sukat, gaya ng isang kubo (ang luwang, haba, taas, at lalim), at hindi dapat na may isang sukat, gaya ng isang linya.
   b. Kapwa sa tabernakulo at sa templo, ang Kabanal-banalan ay isang kubo—Exo. 26:2-8; 1 Hari 6:20.
   c. Sa katapusan, ang Bagong Herusalem, ang pagtatayo ng Diyos, ay magiging isang walang hanggang kubo, ang Kabanal-banalan, labindalawang libong estadio sa tatlong dimensiyon—Apoc. 21:16.
4. Ang paggawa ni Kristo ng Kanyang tahanan sa ating mga puso ang nagsasanhi sa atin na makilala ang lampas sa kaalamang pag-ibig ni Kristo upang tayo ay mapuspos tungo sa buong kapuspusan ng Tres-unong Diyos para sa Kanyang sama-samang kahayagan, ang Kanyang pagluluwalhati—Efe. 3:19-21; cf. Gen. 24:47, 53, 61-67.

E. Itinatayo ni Kristo ang ekklesia sa pamamagitan ng pagtatayo ng Kanyang sarili tungo sa atin, yaon ay, sa pamamagitan ng pagpasok tungo sa ating espiritu at paglaganap ng Kanyang sarili mula sa ating espiritu tungo sa ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya upang okupahan ang ating buong katauhan—2 Tim. 4:22; 1 Cor. 6:17; Efe. 3:17a:
1. Yamang ang ating puso ang kabuuan ng ating mga panloob na bahagi, ang sentro ng ating panloob na katauhan, at ang ating kinatawan patungkol sa ating pagkiling, pagmamahal, kaluguran, at naisin, kapag si Kristo ay gumagawa ng Kanyang tahanan sa ating puso, kinokontrol Niya ang ating buong panloob na katauhan at tinutustusan at pinalalakas ang bawat panloob na bahagi ng Kanyang sarili.

2. Lalong lumalaganap si Kristo sa loob natin, lalo Siyang nananatili sa atin at gumagawa ng Kanyang tahanan sa atin, inookupahan ang bawat bahagi ng ating panloob na katauhan, inaangkin ang lahat ng bahaging ito, at tinitigmakan ang mga ito ng Kanyang sarili.
3. Upang matupad ang salita ni Kristo sa Mateo 16:18 hinggil sa pagtatayo ng ekklesia, ang ekklesia ay dapat pumasok sa kalagayan kung saan maraming banal ang magpapahintulot kay Kristo na gumawa ng Kanyang tahanan sa kailaliman ng kanilang puso, inaangkin, inookupahan, at tinitigmakan ang kanilang buong panloob na katauhan.
4. Lalong inookupahan ni Kristo ang ating panloob na katauhan, lalo tayong maitatayo kasama ang iba sa Katawan—Efe. 2:21-22; 4:12, 16.
5. Sinasalita sa Efeso 3:17 ang pagiging naugatan at napagtibay sa pag-ibig; ang ating pagiging naugatan ay nagpapahiwatig na tayo ay mga halaman na kailangang lumago, at ang ating pagiging napagtibay ay nangangahulugang kailangan nating maitayo.
6. Ayon sa bersikulo 18, kalaunan tayo ay puspos ng kalakasan upang matalastas ang mga pansansinukob na sukat ni Kristo—ang luwang, ang haba, ang taas, at ang lalim—hindi sa pamamagitan ng ating mga sarili sa pang-indibidwal kundi "kasama ng lahat ng banal," yaon ay, sama-sama at magkakaugpong; ipinahahayag nito na kailangan nating maitayo nang magkakasama.
7. Kapag gumagawa si Kristo ng Kanyang tahanan sa ating mga puso, tayo ay mapupuspusan tungo sa buong kapuspusan ng Diyos; ang kapuspusang ito ay ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo, bilang sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos—b. 19.
8. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay nailalalin sa ekklesia, at naihahayag Siya sa pamamagitan ng ekklesia nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip; kaya, ang Diyos ay naluluwalhati sa ekklesia—bb. 20-21.

F. Ipinapakita sa Efeso 3:16-21 ang espiritu, saloobin, panalangin, at pananampalataya ni Pablo:

1. Sa pamamagitan ng pahayag, ang hiwaga ni Kristo ay ipinaalam kay Pablo (bb. 3-6); kaya, ang kanyang espiritu at saloobin—kung ano ang nakita niya, kung ano ang sinabi niya, at kung ano ang pinahalagahan niya sa kanyang puso—ay may kaugnayan sa pangitain ng pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng panloob na karanasan sa nananahanang Kristo.
2. Nahumaling si Pablo sa pangitaing ito, at ito ang naging kanyang espiritu at saloobin; samakatwid, siya ay may gayong panalangin (sa kinasasaklawan at elemento ng pananampalataya) na naitala sa Efeso 3:16-21; kung nakita natin ang pangitain kung paano itinatayo ni Kristo ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng panloob na karanasan sa nananahanang Kristo, magkakaroon tayo ng espiritu, saloobin, panalangin, at pananampalataya ni Pablo kapag naglingkod tayo sa Diyos sa ekklesia.

*© 2021 Living Stream Ministry*